

CHAPTER *One*

*S*umaliw ang disco mix music sa tainga niya. The dimly lit bar was painted with the chaotic blaze of green, red, and yellow lights. Tinapik niya ang balikat ng babaeng nakangudngod na halos ang buong mukha sa counter ng bar.

“Lena,” malakas niyang tawag upang magising ito. “Lena, come on, nag-aalala na sa ’yo sina Eustace at Heidi,” dagdag niya na tinutukoy ang kaibigan niya at ang pinsan ng babae.

Kanina nga ay humahagulhol na tinawagan ni Lena si Eustace, nagpapasundo sa bar. Kung anu-ano ang sinasabi nito sa call na narinig niya dahil siya ang sumagot sa phone ni Eustace.

Hindi niya alam kung matatawa kay Lena o

maaawa, lalo na't alam nilang lahat ang panloloko at manipulasyong ginawa nito base sa kuwento ng pinsan nitong si Heidi.

Hindi siya pinansin ni Lena, sa halip ay tinabig pa nito paalis sa balikat nito ang palad niya. Napabuga siya ng hangin. Sa totoo lang, ayaw talaga niyang sunduin ang babaeng ito. Ano ba kasi'ng pake niya kung mapahamak man ito sa bar?

Oo, naging kasintahan ito nang halos lagpas isang taon ni Eustace at lagi sa mga salu-salo ay parang linta itong nakadikit sa kaibigan niya, pero hindi sila naging malapit dito. Even his other bandmates like Lee and Rook were not so happy about Lena being Eustace's girlfriend before. Noon pa lang ay amoy na amoy na nila ang kaartehan at itinatagong kamalditahan nito.

Palihim na lang nilang pinagtitiisan ng mga kabanda ang presensya ni Lena tuwing may gigs sila. Talagang sukang-suka na sila sa presensya nito dahil high school pa lang noon ay masugid na nilang tagapanood ang babae. Sila na ang nagtatakip sa mukha nila tuwing bumubulaga na lang sa kanila ang mga interview nito sa Press patungkol sa kung gaano nito kakilala ang bandang *Blue*. Mas lumaki pa ang ulo nito nang mag-propose si Eustace dito isang

taon na ang nakakalipas sa kanilang grand concert.

Naka-mighty glue na rin sa utak nila na si Lena Foster Ramirez ay patay na patay sa bokalista nila.

“Please, Lena, tara na. Tara na.” Muli niyang tinapik ang babae.

Napaangat ang mukha ni Lena para tumingin sa kanya. He watched her wipe the drool off her face. Napangiwi siya.

“Basty!” sigaw nito nang mamukhaan siya.

Bago pa siya makaatras ay nakalukso na ang babae mula sa stool at niyakap siya. Her face hit his chest, his white cotton polo shirt to be more precise. It felt like she used his shirt to wipe the remaining drool on her face.

Holy gross, he thought.

“Pinasundo ba ’ko ni Eu?” Nakasunod ito habang inilalayo niya ang katawan nito mula sa kanya. Napalingon siya at nadiskubreng nakatingin sa kanila ang ilang lalaking nakalinya rin sa counter.

“Oo, pinapasundo ka niya—” *Wait.*

Ibinalik niya sa pagkakaupo sa stool ang babae. Paano niya ito aalalayan? Maigsing dalandan na mini-skirt ang suot nito, naka open-tummy backless red-cut shirt pa na pinaresan ng itim na heels.

Oh, come on. You’re funny, Basty. Ngayon lang.

It's no crime to touch your friend's ex-girlfriend, lalo na't kelangan mo.

He focused his eyes on her for a while. At halos mamatay siya sa alta presyon kahit hindi siya high blood sa sunod na nangyari sa dalaga. Sumipsip ito saglit sa kopita nitong nasa counter pa, ngumiti, at mula sa stool ay nag-slide pabagsak sa sahig. Her whole body hit the carpeted floor. It created a loud thud. Makaraan ang ilang segundo ay parang bangkay na napahandusay ang katawan nito sa sahig.

Lumuhod siya para i-check ito. She was still breathing. Nakahinga siya nang maluwag. Papanguin na dapat niya ang dalaga nang—

“Sir, ’yung bayad po ng girlfriend n’yo,” sabi ng bartender.

“H-hindi pa siya nagbabayad?” Nalukot ang mukha niya, pero mas nag-aalala siya sa kalagayan ni Lena. “Magkano?” mabilis niyang kambyo.

Shit.

Dinukot niya sa likod na bulsa ng pantalon ang pitaka niya at inilabas ang isang card.

Naghintay pa siya ng isang minuto bago niya matagumpay na nakarga si Lena. Sukbit niya ang maliit na pink shoulder bag nito sa braso niya.

Holy cow, she's heavy!

Nawala na yata siya sa pag-iisip kaya imbes sa gilid ng bar ay sa gitna ng dance floor siya idinaan ng paa niya sa pagmamadali. Pakiramdam niya ay pumulupot sa kanya ang mga titig ng halos lahat ng babae sa dance floor. He blushed.

“Holy—” sigaw niya na sa sobrang lakas ay inungusan pa yata niya ang volume ng disco music. “Shit!”

Napatiim-bagang siya. Ilalayo sana niya sa sarili ang kargang mabigat na katawan kung di lang niya talaga alam na derechong bubulwak sa dance floor ang isinuka nitong naka-pool at nakakalat sa damit nito at sa damit niya.

He scanned the whole place and realized that those beautiful sexy ladies were giving him an amused look.

Inihakbang niya ang mga paa. Ni hindi niya na nakuhang punasan ang tilamsik ng suka ni Lena sa pisngi niya. He just wanted to vanish, *pronto*.

Nang marating na niya ang parking lot, ay ibinaba niya ang babae.

Mabuti na lamang talaga at mahaba pa ang pasensya niya. Marahan niyang isinakay at ihiniga ang babae sa backseat ng kotse.

He thought that hell was over and he was starting

the ignition when, “Holy—”

Huli na para mahuli ng mata niya ang pag-upo ni Lena at ang pagbulwak ng suka mula sa bibig nito derecho hindi na sa damit niya kundi sa sahog at leather cushion ng bagong kotse niya.

Nasapo niya ang noo. He pressed and massaged the sides of his forehead bago pinaharurot ang sasakyan, pero hindi para ihatid ang babae.



Masarap iyon noong una. It was like her face was being massaged by tiny, gentle raindrops. She imagined herself resting under the shade of a tree, and ahead was a field of flowers, and it was drizzling. Hanggang sa napangiwi siya.

Masakit. Masakit sa mukha ang bagsak at hampas ng tubig sa mukha niya, para siyang sinasampal nang paulit-ulit, palakas nang palakas.

Biglang bumagyo?

“Hmm...” She wriggled away. Sinubukan niyang ilayo ang mukha niya sa malakas na puwersa. She was soaked and feeling cold. Parang nilulunod siya.

“Ugh.” Matagumpay na naimulat niya ang mga mata. Nakakamatay ang lamig. Muli siyang napapikit.

At tumigil ang bagyo.

Nang muli siyang magmulat, sumalubong sa kanya ang shower spray na hawak ng isang lalaking nakabusangot ang mukha.

Napatili siya.

“Ayan. Sa wakas, Lena, nabuhay ka na!” pahayag ng lalaking isinabit na ang shower spray sa taas ng isang handle bar sa dulo ng bathtub kung saan siya nakatihaya.

“W-what did you do to me?” Kita yata ang ugat sa leeg niya sa nadaramang tension.

“Ginigising ka. Halos beinte-cuatro oras ka nang natutulog sa bathtub ko. And we have our last gig later, kelangan kong maligo—”

“Natulog ako dito sa bathtub mo?” Napanganga siya at madaling inilibot ang mga mata.

Aqua blue ang tiles at may dolphin-design shower curtain sa likuran ng lalaki. She gulped air at napatayo sabay tili nang ma-survey ang ayos niya.

“W-what happened to me? Basty?”

“Ang cool mo rin, ano?” Nakangisi ang lalaki, pero kalakip niyon ang makulimlim na ekspresyon. “Nagkaka-amnesia ka ba pagkakatapos mong malasing, Lena?”

“N-nalasing ako?” Napakurap-kurap siya.

“Wow, naks naman, o.” Namaywang ang kaharap.

“Oo, Lena, nalasing ka! At ako ang sumundo sa ’yo dahil pinakiusapan ako ni Eustace. Binayaran ko ang bill mo, kinarga kita, pero sinukahan mo ’ko. Sumuka ka sa bago ’kong kotse! Sumuka ka sa carpet ng salas ko, sa higaan ko, at sumuka ka sa lahat-lahat na yatang puwede mong sukahan at wala akong nagawa kundi patulugin ka dito sa banyo ko!”

Unti-unti ay nag-replay sa memorya niya ang naganap kagabi. Kagagaling lang niya sa birthday party ng isang kaibigan at nakainom na siya nang kaunti sa venue. Hindi niya ugaling maglasing. She never actually remembered being totally drunk before. Alam kasi niya ang limit niya, pero ewan ba niya kung bakit napadpad siya sa bar na iyon. And then the next slide of memory became vague.

Tumilapon sa mukha at katawan niya ang isang mahabang asul na towel. “Maligo ka na, may inihanda akong pambihis mo. Inilagay ko sa stool na nasa labas lang ng shower room na ’to. Lalabas muna ako nang isang oras at dapat pagbalik ko—” He said the next words slowly and with emphasis, “—dapat wala ka na.”

“Hah! Of course. Maliligo ako, magbibihis ako, at aalis ako dito. If you fetched me, then it should have occurred to you na ihatid ako sa bahay. And,

no, hindi ako magpapasalamat na sinundo mo 'ko dahil una sa lahat, si Eustace 'yung hinahanap ko hindi ikaw!" Nalaglag ang panga niya nang talikuran lang siya ng lalaki at um-exit na ito.



Wala pa yatang tatlumpung segundo ang dumaan mula nang umalis siya sa shower stall ay humabol na sa tainga ni Basty ang nakakatulig na iyak ng babae. Ewan ba niya kung iyak iyon o tili. It seemed to be a mixture of bottled pain and confusion. Pagkatapos ay nadinig niya ang lagaslas ng tubig.

"You can use my shampoo if you want," he told her from outside the bathroom. "I don't know if ayos lang sa 'yo ang gumamit ng sabon ko..." Mukhang pinatay ng dalaga ang tubig. Namayani ang katahimikan. "Lena?"

"Okay lang ako," sagot ng nasa loob. "Umalis ka muna, p-please."

He made sure that his steps were heard clearly. Malakas niyang isinara ang pinto na halos ibagsak na iyon. But he didn't leave his bedroom.

Narinig niya ulit ang lagaslas ng tubig. Naghintay siya. Naghintay siyang marinig ulit ang iyak nito.

He didn't know how long he stayed in his

position, or for how long he'd been listening to Lena's high-pitched cry. Pakiramdam ni Basto, isa iyon sa mga pagkakataon na totoong umikot ang mundo niya.

Dinala siya ng mga paa palabas ng kuwarto niya. Dumerecho siya sa kitchen ng condo niya, ibinukas ang ref. Mula sa kusina ay nagtungo siya sa salas, nagpalakad-lakad doon. Tumapat siya sa isang estante kung saan naka-display ang ilang picture frames.

Mayamaya ay lumabas siya ng condo, sumakay sa elevator para bumaba sa lobby at pumunta sa labas kung saan may hangin at busina ng mga kotse. Nagtungo siya sa convenience store. Pagkabayad sa cashier ay patakbo na ang mga paa niya pabalik sa unit niya.

CHAPTER *Two*

Tuluyan siyang napabagsak sa dark blue cushion ng sofa. Blue. *Blue* band. Another patch of blue caught her eye. Napansin niyang baby blue ang ceiling.

And that was when it registered that she was, at the moment, kissing another *Blue* band member. Si Basti, ang pianista ng banda. Mas napabaon ang likuran ng ulo niya sa armrest ng sofa nang mas dumiin ang bibig ng lalaki sa kanya. Hinagod niya ang buhok nito, ibinaba ang kamay niya sa leeg patungo sa balikat ng lalaki, at pabalik muli sa buhok nito.

Hinahalikan din siya noon ni Eustace, madalas dahil siya ang nag-initiate. He would lean over to

receive her kiss. But they were short, controlled kisses. She could not remember being kissed deeply or badly by Eustace. And she was crazy about him for a decade.

At kung bakit hinahayaan niya ang sarili ngayon na makipagbalasahan ng halik sa kabanda at kaibigan ni Eustace ay hindi maarok ng utak niya.

For god's sake, she knew that the strange body that was leaning over her now was Bastys. At pakiramdam niya, nagsisimula nang umikot nang mabilis ang mundo.

She felt needed. There was a tightly coiled tension within her. At naguguluhan siya, naiinis, nagagalit, nasasaktan, at nahihilo.

Lena closed her eyes and imagined she was kissing someone else.



Two hours ago...

Nang buksan ni Bastys ang pinto ng condo, he was expecting to see a lady wearing a black T-shirt with some weird metallic design and ripped rugged jeans. Inisip din niyang marahil ay suot na nito ang black heels nito. Hindi niya alam kung magpapasalamat siya na may naiwan pang ilang damit si Clenzy sa condo niya pero ang isang pares ng damit ng dating

girlfriend ang iniwan niya sa labas ng shower room para suotin ni Lena.

Pero iba ang bumulaga sa kanya sa living room niya. Nakabukas ang malaking flat-screen TV niya at napatayo ang babaeng kanina ay halos gibain na ang condo niya sa makabasag-taingang iyak nito mula sa shower. Nang tumayo ito at humarap sa kanya, the hem of what she wore fell to her mid-thigh. And he noticed how flawless and shapely her tanned legs were.

Suot nito ang loose gray sweatshirt niya.

“I... I’m sorry if I raided your closet.” Ni hindi ito yumuko o ano at nagpatuloy sa paglalakad patungo sa kanya. “But don’t you have a... different set of clothes? Hindi kasi ako nagsusuot ng mga damit na tulad ng ibinigay mo.”

“A-at isinuot mo ang damit ko?”

“Kasi naman gusto kong matuyo ’to.” Itinuro nito ang buhok na balot ng asul na towel niya kanina. “So I have to wear something for the meantime.” Tumalikod ito at bumalik sa kulay asul niyang sofa. “I was wondering how *Blue* got its name. It must be because of you?” Tumawa ito.

Akala niya ay tapos na ito sa pagkokomento, pero hindi ito tumigil.

“I’ve been to Eustace’s place a lot and to Rook’s place once, but your place is on a different level. Totoo nga ang sinabi minsan sa ’kin ni Eustace. Siya man daw ang bokalista at maraming solo activities pero...” Tumingin ito ulit sa kanya. “Ikaw pa rin daw ang pinakamayaman.”

Lumabas ang isang ngisi sa mukha niya. “Mayaman ako at dahil d’un gusto mong bilhan kita ng bagong damit dahil maarte ka at ayaw mong suotin ang pinapasuot ko sa ’yo?”

He scanned her face and he was becoming aware of the fact that he was seeing her now for the first time without any makeup on. Her face was bare of any shade at lumabas ang natural na kinang ng balat nito. It was a natural lively brown tan that made her very attractive. Balingkinitan ito at maganda ang hugis ng panga at ng mga labi. Lena’s eyes were deep-set. Brownish black ang mga iyon at kahit mugtong-mugto ang mga mata nito, it was surprising that, for him, she had never looked better.

Or was it because his mind was being affected by the sight of his shirt loosely hugging what could be no other than a sexy body?

“It doesn’t have to be expensive,” kikit-balikat na tugon ni Lena. “A plain white shirt and clean shorts

will do. Ayokong suotin ang mga damit na binigay mo sa 'kin. I want to look presentable pag bumaba ako ng building na 'to.”

Presentable? Alam ba talaga nito ang tamang meaning ng 'presentable?'

“Last time I checked, Lena, two days ago, hindi ka na girlfriend ng kaibigan ko. I don't even know kung ano'ng pumasok sa isip ko para pumayag na sunduin ka kagabi. Aren't you grateful enough na pinasundo ka pa rin ng ex mo at sinundo kita?” Basti made sure he sounded pissed.

Ang babae naman ang ngumisi, lumapit uli sa kanya, at pagkuwa'y ninakaw mula sa hawak niya ang bitbit niya mula sa convenience store. Puno iyon ng mga beer-in-can at chichirya.

“I know how much you guys hate me, pero alam kong sa mga kaibigan ni Eustace, ikaw, Basti, ang posibleng nakakaintindi sa 'kin. You didn't help me out just because nakiusap o ano sa iyo si Eu.” Umupo itong muli sa sofa at isa-isang inilapag ang beer-in-can sa clear round table sa gitna ng salas.

Ni hindi siya nito hinintay at walang paalam na binuksan ang isang can. Gumalaw ang likod at mga balikat nito habang mabilis nitong tinutungga ang laman ng beer can.

“And you’ll drink again, huh?” di makapaniwalang bulalas niya at hinablot ang can mula sa babae.

Talagang nababaliw na ba ito?



“Alam mo, Basty, huwag ka ngang sinungaling,” aniya at mabilis na inagaw ang canned beer mula sa lalaki. “Kung gusto mo ng karamay, ’andito lang ako. Come here.” Tinapik niya ang kutson ng sofa. “Pag-usapan natin ang problema mo.”

“We’re not even close.” Muli nitong inagaw sa kanya ang can. “You should go home.”

“Pareho tayong iniwan,” ani Lena. Sinigurado niyang magkakarap ang mga mata nila ng lalaki.

Sa loob ng mahigit isang taong relasyon nila ni Eustace, sa tatlong kabanda ng ex, ang lalaking kakarap niya ngayon ang madalang siyang kausapin. Hindi niya alam kung bakit, pero baka talagang ilang lang silang dalawa sa isa’t isa. It was as if an invisible wall was between them.

Iba ang mundo at trip nito. Kilala si Basty bilang isa sa mga pinaka-outgoing at malokong miyembro ng barkadang *Blue*, parang clown kumbaga. But she didn’t really find him funny most of the time. Napakakomportable nito pagdating sa mga lalaki, pero pag babae ang kasama nito napansin niyang

lumalabas na ang kasungitan at pagkaseryoso nito. Kung hindi lang talaga niya nasaksihan kung paano ito gumalaw pag nasa paligid si Clenzy, mabubuo na niya ang teorya niyang may allergy ito sa mga babae, o baka kapwa lalaki rin ang trip nito.

Kay Clenzy lang, ang road manager ng *Blue* at malapit na kaibigan ng apat mula high school, niya napansing natural ang kilos ni Basty. And it didn't take her long to figure out why. Naging magkasintahan ang dalawa may apat na buwan na ang nakakalipas.

Hindi naman pala allergic si Basty sa mga babae, talagang nakatuon lang ang atensyon nito sa iisang tao simula pa nang high school.

His soft spot was for Clenzy and for her alone.



“Cool,” resigned niyang sabi at bumuga ng hangin. Sumalampak siya ng upo sa tabi ng babaeng hindi niya alam kung ano ang tinatakbo ng isip. Hindi niya ito mabasa ngayon. She was confusing him. At kahit may nabubuonng kutob sa utak niya, hindi iyon matanggap ng loob niya.

Surely, Lena wouldn't stoop so low as to seduce him? And if that was her plan, then why? Pero sinong babae ang basta-basta isusuot ang sweatshirt ng

kaibigan ng ex nito lalo't may iba itong puwedeng isuot? Naisip na rin niya na maaaring hindi normal itong si Lena. At ngayon, makikipag-inuman pa ito sa mismong lalaking may-ari ng suot-suot nitong sweatshirt.

God, he's overthinking.

Tinanggap niya ang binuksan nitong beer at nilagok ang laman niyon. Ipinikit niya ang mga mata at huminahon siya.

Two weeks ago, iniwan siya ni Clenzy. She said she was confused. Matatanggap pa siguro niya kung ang dahilan ng kalituhan nito ay dahil nahuhulog na ito sa ibang lalaki, pero ang dahilan nito ay ang dahilan na hanggang ngayon ay hindi pa niya matanggap.

Clenzy said she was confused about her own identity, about her preference. Nagalit siya noon, sa kauna-unahang beses yata ay nagalit siya rito. He asked her if she was seeing someone else, if she was seeing a woman.

Nakatulong daw ang halos apat na buwang relasyon nila upang makumpirma talaga nito ang gusto nito, ang totoong nararamdaman nito sa sarili. She said it didn't mean that she was not happy with him anymore, it's just that she couldn't be happy from

then on with any man anymore. Clenzy realized she's a lesbian.

“Alam mo, ngayon ko lang talaga sasabihin 'to, pero mababa ang alcohol tolerance ko,” narinig niyang casual na pahayag ng katabi. “Hindi talaga ako umiinom nang sobra. I drink wine and cocktails but I'm not into liquor. Minsan lang at noon pag pakiramdam ko nahihilo na 'ko, tumitigil na 'ko. 'Tapos pa, 'andiyan lagi 'yung pinsan ko, gan'un kami, o.” Lena lifted a hand up and intertwined her middle and fore fingers. “Siya 'yung pumipigil sa 'kin.”

Tinutukoy nito ang pinakamalapit nitong pinsan na si Heidi na ngayon ay sinusuyo na ni Eustace.

Suminghot ang dalaga at lumagok ulit. “Kaya sorry kung kagabi lasing na lasing ako at kung anu-ano ang ginagawa ko.” Napangiti ito. “At kung sinukahan kita. Gan'un pala ako pag lasing?”

“Sa kabutihang-palad ay sumusuka ka nga pag lasing,” he said sarcastically.



“Is that going to be like an inside joke between us?” Lena asked. She shifted her weight and noticed that he was so close to her. Halos isang pulgada lang ang layo ng balikat nila. Kaunting galaw lang at

tatama ang balikat niya sa balikat nito.

And she bumped his shoulder with hers.

Napaligon ito sa kanya. And he looked at her. She noticed that the corners of Bastý's eyes crinkled when he smiled. Mga mata iyon ng taong laging tumatawa o ngumingiti. But his eyes were bare of any fun or happiness now.

"It's not even a joke to begin with," he wryly stated. Mas inilayo nito ang balikat na kanina pa di nakalapat sa balikat niya at muling tumungga ng beer.

"Then, tell me a joke. Tell me something funny. Anything."

"Hindi ko naman siguro obligasyong patawanin ka," ganti nito, with all disinterest.

"Ouch."

Muling bumalik ang mga mata nito sa kanya. "Alam mo ba 'yung alamat ng talong?"

"Alamat ng talong?" echo ni Lena. Her mind started to imagine about eggplants. Wait, bakit naman talong pa sa lahat ng gulay?

"Yup, alamat ng talong. Noong unang panahon, wala pa talagang pangalan ang talong dito sa Pilipinas. May pangalan na ang iba tulad ng singkamas, kamatis at sibuyas, pero sa lahat ng gulay eh, siya na

lang itong gulay na walang file sa NSO.” Sumandal si Basti sa sofa, like he was starting to relax, at kabarkadang lalaki lang nito ang kausap.

She knew his jokes were sort of corny, pero bakit parang inihahanda na niya in advance ang sarili para pigilan ang tawa niya?

“Hanggang sa isang araw, may napadalaw na foreigner sa bahay-kubo,” patuloy ni Basti. He was still narrating it with all the indifference in the world. “Ang sabi ni Joe nang makita ’yung talong: Oh, it’s too long!”

Mabilis niyang naimpit ang sorpresang tawa niya nang sabihin iyon ni Basti sa perpektong American accent.

“At ang sabi n’ung Pinoy, ‘What do you mean, sir, talong?’ Ang sagot n’ung foreigner habang turo ’yung talong, ‘Yes, too long!’ Ah, kuha na ng Pinoy, talong. ‘Yes, too long,’ sabi ni Joe.” Basti had this natural knack for comedy, kaya habang nagkukuwento ito, mabilis ang jive ng boses, timing, at reaksyon ng mukha nito. “At doon po nagtatapos ang alamat ng talong,”

“Ha!”

“Ha!” panggagaya nito.

She laughed and he joined in, but they were

aware that they were not laughing at the joke. Then they started laughing at nothing. May ilang minuto rin ang dumaan at natapos na ang maugong nilang tawanan matapos ang ilang corny pa nitong mga biro nang matagpuan nila ang sariling tahimik na naman.

“Alam mo, Basty, dapat tayo ganito lang, chill lang, di ba?”

“Cheers!” tango nito at talagang ipiningki sa pang-apat na can niya ang panglimang can ng beer nito. Hindi sila nag-anunsyo ng drinking contest, pero parang kanina pa may silent na karerahan na nagaganap habang tumatawa sila. At tila buo ang partisipasyon nila sa paligsahang iyon.

“Alam mo, dapat ’yung mga taong nang-iiwan, sila ’yung mga nasasaktan. Tayo dapat, pa-chill-chill lang! Mga walanghiya sila! Mga hindi nag-iisip at walang inisip kundi sarili nila. Napaka-selfish nila.” Napasinok siya at kumawala ang isang hikbi mula sa kanya. “Ilang years kang nagpakatanga, ginawa mo lahat.”

“At binigay mo lahat, lahat ng oras mo, pagpapasensya, lahat ng kabaduyan ginawa mo,” dagdag ni Basty.

“Kumain ka ng Indian food kahit ayaw mo, naghintay ka nang five hours sa backstage, naghubad

ka sa birthday niya, at tinulugan ka niya!”

“And you f*cked her so hard but she didn’t even give you a single moan.”

“Ouch.” Natigilan siya at napanganga, disbelief in her eyes.

“Holy,” he drawled, his eyes locking with hers. Sabay nilang inilapag sa mesa ang wala nang mga laman na cans.

“She didn’t moan?” She bit her lip. Dumako ang mata niya sa shorts nito. May nakabakat at naghuhumindig kasi roon. Kanina pa niya napapansin.

“I’m actually gifted,” depensa ng lalaki.

Napatawa si Lena. “I didn’t say anything!”

“But I know where you’re looking at, kanina mo pa siya tinatapunan ng tingin, ’ayan tuloy at gustong kumaway,” nakangising sabi nito.

Ewan ba niya, pero bigla siyang nag-init. Pilit man niyang pigilan ang mga mata ay napadako ulit ang mga iyon sa tinukoy ni Basti na gustong kumaway. Napalunok siya ng laway.

“Don’t look at it while biting your lip.” Mapagbanta na ang tono ng lalaki at napaangat dito ang mukha niya.

“Ba’t hindi siya nag-moan?” Gaga talaga siya.

At curious rin.

“I don’t f*cking know,” he snapped. “Lena, stop this—”

Ngunit hindi siya nakinig at itinaas niya ang dalawang binti sa sofa. Nalilis ang laylayan ng suot niya at siguradong nakita nito ang underwear niya.

Mabilis ang paghila ni Basto sa baywang niya. He pushed her toward the armrest of the sofa.

“Damn it,” dinig niyang usal ni Basto bago nito itaas ang hem ng sweatshirt na suot niya na pag-aari nito.

CHAPTER *Three*

*N*aglapat ang mga labi nila. Warm lips brushed against hers. She didn't protest. Curious siya, heartbroken, at lango na naman sa alak. At nag-iinit siya at ewan ba niya at nababanguhan siya sa lalaki. And his lips were so warm.

He parted her lips with his tongue and she closed her eyes as she kissed him back. F*ck, she was too damn horny and his hot kisses were igniting her. Wala na siyang pakialam kung sino ang kayakap niya ngayon, nahila na siya ng sensasyong napakatagal niyang hinanap-hanap. Finally, someone was kissing her for real. Torridly.

She moaned as Basti tongue-f*cked her. Was there even a word like that? That seemed to be what

he was doing. Labas-masok at tila giliw na giliw na nakikipaglaro ang dila nito sa kanya. Now and then he would stop to suck her lip. Pagkatapos ay makikipaglaro ulit sa loob ng bibig niya ang dila nito.

Ibinaba nito ang panloob niya. She instinctively parted her legs and his thumb found her erect cl*t and started fondling it. A moan escaped her lips.

Halos mapasigaw siya nang ipasok nito bigla ang isang daliri sa loob ng pagkababae niya. She grimaced but tried to act cool and shifted her weight. Baka kung sabihin niyang virgin siya ay tumigil ang lalaki.

She couldn't afford for him to stop as she was already liking this, and an idea lit up in her mind. Buong buhay niya ay inilaan niya ang sarili kay Eustace.

But it was no use. Dahil hindi iyon na-appreciate ng taong pinaglaanan niya. Pinlano niyang ibigay ang sarili kay Eustace, naghubad pa siya sa harap nito, pero sobrang nakakadurog pala ng ego pag parang hindi man lang apektado sa iyo ang taong gusto mo. Might as well experience what it felt to be wanted or desired, even for a while. She wanted to experience what it meant to be ravished and wanted.

Na ginagawa ngayon ng lalaking kaulayaw niya.

Itinuon niya ang mga mata rito, nakatitig din ito sa kanya. He needed her and wanted her, iyon ang sinasabi ng mga mata nito.

“You’re so tight and hot,” he drawled as she let out a moan again.

She parted her legs more so he could explore her more freely. Her muscles had started to relax, and his finger dipped through her wet, making her feel a delectable sensation.

Simula nang maglapat ang mga labi nila ay ibang tao na ito para sa kanya. He was not the same Basti anymore. Lalo na ngayon at hinubad na nito ang T-shirt at shorts nito.

His manhood under his briefs was almost screaming to get out. Napalunok siya.

“Oh, god,” usal lang ni Lena nang tuluyan na nitong mahubad ang briefs. Napapikit siya at nanghina ang mga tuhod niya.

Could she take him? He was truly gifted. Kaloka naman iyong babaeng hindi man lang nag-react sa pagkalalaki nito. That was truly ego-crushing. Sobrang naiintindihan niya si Basti. Na-experiece na niya iyon. Tulugan ba naman siya ng ex-boyfriend niya kahit alam niyang pinagpala ang figure niya? Napabuga siya ng hangin at mas ini-ready ang sarili

para rito. Hindi niya ito bibiguin. She would enjoy this as much as he would.

He dipped his head, ang akala niya ay sa labi niya, ngunit bumagsak ang mukha nito sa dibdib niya. Her back arched at the sensation of his lips sucking at her erect nipple. He bit it gently and blood rushed to her cheeks. Napaawang ang labi niya nang salitang paglaruan ng dila nito ang magkabilang umbok sa dibdib niya. He cupped her breasts and rolled her nipples between his fingers until she felt wet between her thighs.

Naririnig niya ang marahas na paghinga ni Basti. Nanlaki ang mga mata niya nang muling mapatingin sa pagkalalaki nito. He was so hard and ready!

Her heartbeat quickened. Dinig na dinig niya ang tibok ng puso niya. When he parted her legs and positioned himself against her entrance, she closed her eyes, holding her breath. Ready na siya. And in one swift thrust he pushed himself into her wet core.

Impit siyang napasigaw at napadaing. It was truly painful. Parang may nahiwa sa kanya. Lumabas ang mga butil ng luha sa gilid ng mga mata niya.

“Lena,” tawag sa kanya ni Basti.

Iminulat niya ang mga mata. Nakaawang ang

bibig ng lalaki. Confusion and shock was drawn on his face.

“Just kiss me so it wont hurt,” she said pleadingly.

“You’re a...” He couldn’t even finish the sentence.

“Oo na, please.” Mas napadaing siya. “P-please don’t stop, okay?”

“This is crazy...” He gnashed his teeth. “F*ck,” mura nito nang tila hindi mapigil ang pagbaon sa kanya.

“I want this. Please,” she begged.

He slowly pulled out and thrust in again. Napaungol sila pareho. Masakit pa rin, pero parang may kasama na iyong katiting na sarap.

“Just relax, okay?” His lips brushed her lips. He then kissed her hard as he pushed within her. She gasped at his size. He eased out and slid back in, again and again. “Are you okay?”

In response, she moved her hips to meet his thrust and the gates of ecstasy fully opened for her. Binilisan nito ang paggalaw sa ibabaw niya at inilingkis na niya ang mga hita sa baywang nito. She moaned as he rammed his manhood into her sex with ardour and stamina.

The sensation heightened in her core too. It was so new, and she was reaching a higher bliss by the

second. She writhed under him, mewling in pleasure as she erupted in an intense orgasm.



Pinanood niya ang pagpunas ni Lena sa tiyan nito at ang pagbibihis nito. Tahimik lang sila. Alam ni Bastya na tulad niya ay hindi rin nito alam kung paano ipapaliwanag ang nangyari. Nang tumayo ito at marahang tinawid ang pagitan ng salas at kuwarto niya ay inihilig niya ang ulo sa couch at napatitig lang sa kisame. He stared at it until it hurt.

Bihis na siya nang bumalik si Lena sa salas. Suot nito ang kanina ay ipinasusuot niya na ayaw nitong suotin.

Well, she must really want to get away from here, naisip niya.

“I’m sorry...” Tumayo siya. F*ck, ni hindi niya alam kung puwede niya itong lapitan. He was feeling numb and guilty. Oo, nasarapan siya sa eksena nila kanina, pero pagkatapos niyon ay bumalot sa kanya ang pag-aalala sa babae.

“Don’t feel guilty.” Parang nabasa nito ang nasa isip niya. “I wanted it. Ngayon na-experience ko na na gan’un pala ’yun. At least I know what it feels to make love. Thank you, ha.”

She was even thanking him! Napansin niyang

nag-blush si Lena.

Bakit parang ibang Lena na ang kaharap niya ngayon? He noticed that she had on a different glow.

*Maybe it's because you just f*cked each other a few minutes ago? You had sex with your friend's ex-girlfriend. The girl you used to hate was moaning beneath you a few minutes ago.*

Hindi niya alam kung sampal ba iyon sa kanya, kung may iba bang dahilan kung bakit inis siya kay Lena noon. Ang alam lang niya, hindi niya dapat ipagmalaki o ipagmayabang na may nangyari sa kanila.

“Do you want me to get a taxi? I can drive you if—”

“No. It's okay, Basty. Mauna 'ko.”

Nang hilahin ni Lena ang pinto pasara, paglabas nito, lumukob sa unit niya ang nakabibinging katahimikan. He felt like there was a hard lump in his throat. He reclined in the couch again. Itinakip niya ang dalawang palad sa mukha niya. Naalala niya ang babaeng dahilan kung bakit nangyari ang di dapat nangyari.

Si Clenzy.

Magkaibigan ang pamilya nila dahil magkaalyansa sa politika. Tumatakbong mayor

noon ang ama niya habang bise-mayor ang tiyuhin ni Clenzy. Katatapos lamang ng elementarya nang una niyang makilala ang dalaga. Kainitan noon ng pangangampanya para sa eleksyon. Hindi sila nag-uusap noong una, pero sa gitna ng pagbibigay ng flyers, paglilibot sa lahat ng barangay, at pagsama sa mga meeting de abanse ay animo'y tinahi na ang mga bituka nila sa huli.

Mas umigting pa ang sumisibol nilang pagkakaibigan nang maatasan sila ng mga magulang sa paghahanda ng presentation sa halalan. They found out they have the same taste in music.

Kahit hindi pangbirit ang boses nito ay taglay ni Clenzy ang malamig at mahinahong boses, habang siya ay may angking galing sa pagtugtog ng piano at iba pang keyboard instruments. They formed a duo at sabay nilang ninamnam ang kaba at kagalakan sa pagpe-perform sa unang meeting de abanse sa municipal hall noon.

Ini-enrol din sila sa parehong high school sa Manila. Doon nila nakilala ang magiging kamiembro niya sa *Blue* band na sina Lee, Rook, at Eustace. Tuwing recess noon ay kasama nila ang nag-iisang babaeng miyembro ng tropa nila na si Clenzy, na laging ang request lang ay ang makarinig

ng kanta mula sa kanila. Pinagbibigyan nila ang tinatawag nilang prinsesa ng barkada hanggang isang araw ay gulatin na lamang sila ni Clenzy sa isang imbitasyon.

Iyon pala ay humingi ito ng permiso sa ama nitong may negosyong maliit na bar na patugtugin sila kahit tuwing weekends lang. Doon nagsimula ang jamming sessions nila tuwing Sabado hanggang sa umabot sa eskwela ang pinagkakaabalahan nila. And before they knew it, their talents had won themselves a legion of fangirls.

Marami na ang nangyari sa mga kabanda niya, umibig, nasaktan. Nasa kolehiyo na sila ay wala pa rin siyang pinagkakaabalang suyuin. It was evident to his friends that he secretly harboured deep feelings for one special girl.

Mahal niya si Clenzy, pero hindi niya masabi-sabi ang damdamin dito sa tindi ng pinagsamahan nila. He wanted to tell her how he felt, but didn't know where to start. Hindi pangkaraniwang babae si Clenzy. She was very cool and boyishly chic. Marahil iyon ang dahilan kaya talagang napalapit ito sa grupo. Cowboy ito.

Matapos ang kolehiyo, kung kailan inakala nilang mabubuwig na ang banda nila ay si Clenzy

muli ang naging anghel para sa kanila. Hinanapan sila nito ng isang malaking event at venue sa plaza ng siyudad. Doon nga narinig ang kantang iyon ni Eustace na naging daan upang umangat sila bilang bandang mala-dugong bughaw na tatatak ang pangalan sa industriya ng musika.

Brokenhearted women all over the nation swooned at the sincere lyrics and sweet melody of their song. Their band sung songs that gave courage to men to confess their love. Siya na lang itong natitirang hindi kinakanta ang pagsinta niya. Kaya matapos ang kauna-unahang successful grand concert nila isang gabi, pagkatapos niyang tipaHin ang huling nota ng panghuling kanta nila ay sinundan niya sa backstage si Clenzy. He grabbed her and kissed her.

She said she was confused. May nararamdaman din daw ito sa kanya, pero hindi nito malagyan ng pangalan. Clenzy said she needed to think.

“Can we both explore together what’s between us? Matagal na kitang kaibigan, Basty, and I treasure you so much kaya natatakot ako,” pahayag ng babae nang minsang bisitahin siya sa condo niya.

They agreed on a trial relationship hanggang sa tuluyan na silang maging mag-on ilang buwan ang

lumipas.

Hindi niya maapuhap na isang araw pala, haharap ang babaeng minahal niya nang lubos upang makipagkalas na sa kanya. Sinabi ni Clenzy na may namumuo na itong relasyon sa ibang babae. Babae? F*ck. Kaya pala parang asiwa ito pag nakikipagtalik sa kanya, na dalawa o tatlong beses lang nangyari sa buong panahon ng relasyon nila. Umiiyak kasi ito tuwing matatapos ang pagniniig nila. Itago man nito ay batid niyang hindi talaga ito nag-e-enjoy.

And it crushed him and his whole existence when the girl he loved so much confessed that she truly loved someone else. That she loved another woman.

He pushed the memory to the back of his mind.



Two weeks later...

Lena clenched her fists. Nasa labas siya ng condo ni Basty. Pinipigilan niya ang pagtahip ng dibdib habang hinihintay ang pagbukas ng pinto. Alam niyang napakakapal ng mukha niya upang mauna pang mag-text sa lalaki. She was relieved he deigned to reply even if it was just with a single word: *Okay*.

“You must be cold. Pasok ka,” salubong nito.

She was a bit surprised because there was something different about him. He seemed brighter. She never considered Basto to be a neat freak, but he looked very neat in his black pants and white *Hollister* shirt.

Hinubad niya ang red coat niya na nakatabon sa katawan. Kinuha iyon ni Basto at isinabit sa pole sa likod ng pinto. Medyo basa ang heels niya mula sa tilamsik ng ulan sa labas. Her clothes hugged her physique closely. Naka-low button down jeans siya at black spaghetti strap top.

She scanned the whole place. Ilang beses na nga ba siyang nagpunta sa unit nito mula nang unang may nangyari sa kanila?

May mga bagong detalye siyang napansin. Brown ang carpet na halatang mamahalin. The exquisite furniture also looked expensive. Alam na niya ngayon na may stay-out caretaker ito na naglilinis sa condo.

The blue and white grand piano was in its same spot in the spacious living room. The abstract paintings were still there on the walls. Pero nahagip agad ng tingin niya na wala na ang fishbowl na nasa tabi ng TV set four days ago.

“I took it away,” paliwanag ni Basto nang

mapansin kung saan nakatutok ang mga mata niya.

Tumango lang siya. She wanted to ask him but didn't bother. Four days ago, ikinuwento niya rito kung paanong nag-alaga rin siya ng isang pares ng gold fish noong high school.

And now, it was as if the fishbowl in his condo unit had magically disappeared.

Ibinaba niya ang *Chanel* sling bag niya sa long couch sa salas nito. It was not the same blue couch of two weeks ago. Puti na ang couch ngayon. Obviously, he had replaced the couch.

“Are you hungry? May gusto ka bang inumin?”
Napakamot ang lalaki sa batok nito.

“C-can I sleep with you again?”

“Yes,” he readily answered.